**MENSAHE NI CONSUL GENERAL WILFREDO R. CUYUGAN SA PAGGUNITA NG IKA-121 NA ANIBERSARYO NG KALAYAAN NG PILIPINAS**
**(12 Hunyo 2019, Shanghai)**

Sa aking mahal na mga kababayan dito sa Shanghai at sa mga probinsya ng Anhui, Hubei, Jiangsu, at Zhejiang, ako po ay malugod na bumabati sa inyo ng isang maligayang ika-121 na Anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas.

Ngayon po ay ginugunita natin ang paglaya ng ating inang bayan mula sa mga dayuhan, at ang pagsibol ng isang bagong pangarap, isang pag-asa na tayong mga Pilipino, sa pagtahak ng ating landas, ay maging isang ganap na maunlad, progresibo at nagkaka-isang bayan.

Ito ang magandang mensahe at sustansya ng ating kalayaan na akma sa tema ng ating pagdiriwang sa taong ito: *"Tapang ng Bayan, Malasakit sa Mamamayan."*

Bilang mga *overseas Filipino workers*, ang inyong pagsuong, ng may lakas ng loob at determinasyon, sa hirap at mga hamon ng buhay, malayo man sa pamilya, ay tanda ng katapangan. Ang inyong pagsasakripisyo para sa mga mahal sa buhay ay patunay na kayo ay patuloy na lumalaban ng may tapang at dangal.

Kaakibat nito ay ang likas na malasakit ng mga *overseas Filipino workers* sa kapwa at lalo na sa kanilang bansang tinubuan. Ito ay isang magandang katangian na nagbibigay ng pagkakakilanlan sa ating mga Pilipino. Ang pagdamay sa iba at pakikisa sa kapwa lalo na sa panahon ng unos at pangangailangan ay tunay ngang tatak Pilipino.

Sa ating paggunita ng ating kalayaan, muli nating ihandog, nang buong tapang at sigla, ang ating sarili upang makamit natin ang kinabukasang matagal nang hangad at isang bansang tunay na maunlad.

Mabuhay ang bansang Pilipinas! Mabuhay tayong mga Pilipino!